

Isang Bagong Simulain: Pamanang Pilipino sa Toronto

Isinulat ni Tyson Brown



Mga Pilipinong Nars sa Toronto. Koleksiyon ng MHSO/FIL-007

Maraming sa kanila ay dumating sa pamamagitan ng tren mula sa Estados Unidos (United States). Ang ilan ay nag-iisa, ang mga iba ay dumating kasama ang mga miyembro ng pamilya. Lahat sila ay kakaunti lamang ang kaalaman tungkol sa lungsod. Ito ay naglalarawan ng sitwasyon ng mga unang dumating na mga imigrante na Pilipino sa Toronto, isang pangkat ng mga kababaihan na nagtrabaho sa larangan ng pangangalagang pangkalusugan sa Estados Unidos at nagpasiyang pumunta sa Canada nang ang kanilang mga bisa sa pagtatrabaho sa Amerika ay lumipas na. Narinig nila ang tungkol sa isang lumalagong lungsod sa hilaga na may maraming mga oportunidad sa kanilang piniling propesyon at kaya sila ay nagpasiyang subukan ito. Ito ay sa panahon ng 1960, isang panahon sa mabilis na pag-unlad para sa Toronto at maagang yugto sa paghugis ng kultura moseik na susulong sa madaling panahon. Sa kanilang unang pagdating, ang mga kababaihang Pilipino na ito ay maaaring nadama na sila ay mga dayuhan, ngunit sa madaling panahon sila ay magtatatag ng mga pundasyon para sa isang malaki at makulay na komunidad ng Pilipino sa Toronto.

Ang mga pangunahing pagbabago pampulitika sa Pilipinas, mga kaganapan pang-internasyonal at mga bagong patakaran ng imigrasyon para sa Canada, ang lahat ng ito ay nag-ambag sa isang pagnanais at pagpipilian para sa emigrasyon. Ang Pilipinas ay isang kapuluan ng mga isla na binubuo ng mahigit na 81 mga lalawigan at 17 mga rehiyon na kumakatawan sa isang mayaman at magkakaibang mga wika at mga kulturang etniko. Noong ika-19 siglo, ito ay sinakmal ng mga pakiki-baka ng kapangyarihan pandaigdigang nagmula sa imperyalismo ng mga taga Europa at Amerikano. Sa katapusan ng Digmaang Espanyol-Amerikano [Spanish-American War], ang Kasundaan sa Paris [Treaty of Paris] (1898) ay isinuko ang Pilipinas sa Estados Unidos at sa gayon nagsimula ang siglo ng kawalang-tatag ng pulitika at ekonomiya. Ang mga epekto ng dalawang Mga Digmaang Pandaigdigang [World Wars], ang Digmaan sa Korea [Korean War], ang Digmaan

sa Vietnam [Vietnam War], ang Cold War at kalaunan ang isang militar na pinagtagumpayan noong panahon ng 1980 ay lumikha ng mga kondisyon na tumulak sa maraming mga Pilipino na iwanan ang kanilang tinubuang-bayan. Sa isang pagkakataon, ang pamahalaan ng Pilipinas ay nanghikayat ng emigrasyon. Ang wikang Ingles ay itinuro sa paaralan, ginamit sa mga kaganapan sa pamahalaan at sa kalakalan. Dahil sa mga kasanayan nitong wika, maraming mga Pilipino ay nakatanggap rin ng isang mataas na kalidad ngedukasyon at nagkaroon ng mahusay na kagamitan upang mabuhay at magtrabaho sa ibang bansa. Sa ganitong kapaligiran, ilan sa kanila ay lumipat sa Singapore, Hong Kong at Middle East, at pagkatapos pumunta sa Hilaga Amerika (North America).

Sa panahon ng 1960, ang isang malakas na pagkakatigil ng mga Amerikano sa Pilipinas at ang Programang Palitan ng Amerikano Pilipinas [American Philippines Exchange Program] ay nagbigay sa maraming kababaihang Pilipino na mga pagsasanay sa pagkadalubhasa sa industriya ng pangangalagang pangkalusugan upang makakuha ng mga bisa at makapagtrabaho sa US. Pagkatapos na lumipas ang kanilang unang pahintulot sa pagtatrabaho, ang ilan sa mga kababaihan ito ay ninais na manatili sa Hilaga Amerika (North America) at piniling lumipat sa Toronto kung saan ay maaari silang makapaghanap ng trabaho at makakuha ng katayuan bilang nakalapag na imigrante.

Bago ang pagdating ng mga manggagawa ng pangangalaga ng kalusugan sa Toronto, mahirap matukoy ang bilang ng mga Pilipino na naninirahan sa lungsod. Noon ang mga taong nanggaling sa Pilipinas ay opisyal na simpleng tinagurian bilang “Asyano”. Habang nagsimula nang dumating ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan sa Toronto, gayun paman, ang mga pagbabago sa mga batas ng imigrasyon sa Canada ay nag-umpisa nang magbukas ng mga oportunidad para sa marami pang mga pandarayuhan na lampas ng Europa, at para sa mas marami pang darating sa Toronto na direktang manggagaling sa Pilipinas. Kinakailangan ng Canada ng mas malaking mga pangkat ng manggagawa, kabilang ang mga natatanging kahusayan sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga Pilipinong manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ay nakahanap ng trabaho sa mabilis na lumalagong mga ospital sa Toronto. Kasama sa mga lugar ng trabaho, ang mga sentro ng pananampalataya ay mayroon malaking epekto sa paglago ng komunidad at tularan sa paninirahan nito. Ang Parkdale at St. James Town ay dalawang pangunahing mga halimbawa. Sa Parkdale, ang Simbahang Romano Katoliko ng Holy Family sa King Street West, silangan ng Jameson Street, ay itinayo noong 1902. Nang ang mga kababaihang Pilipino ay nakahanap ng trabaho sa St. Joseph Hospital malapit sa Roncesvalles Avenue, sinimulan nilang dumalo sa simbahan na ito at nanirahan sa lokal na kabayanan. Sa St. James Town, ang Simbahang Romano Katoliko ng Our Lady of Lourdes ay itinayo noong 1879 sa Sherbourne Street, timog lamang ng Bloor Street. Marami sa 19th siglo na mga bahay sa lugar ng simbahan ay ibinuwal sa panahong pagkatapos ng digmaan at pinalitan ng mga matataas na gusali ng apartment na ngayon tinutukoy na St. James Town. Dito, ang mga kababaihang Pilipino ay nakahanap ng trabaho sa Wellesley

Hospital (na isinara at binuwag), pabahay sa mga bagong gusali ng apartment, at isang sentro ng pananampalataya sa Our Lady of Lourdes.



Prusiyon ng Santacrusan, “Reyna Elena at Prinsipe Konstantin”. Toronto, 1982. Koleksiyon ng MHSO/FI1-0014-P

Sa mismong St. James Town, ay nagbago ang isang kultural na sentro ng komunidad ng Pilipino sa Toronto. Dito, sa Our Lady of Lourdes, na isang pangkat ng kababaihang Pilipino ay nagsama-sama upang bumuo ang Pangkat ng mga Kristiyanong Pilipino na Manggagawa [Filipino Christian Workers Group]. Ginawa nila ito upang tumugon sa dumadaming mga Pilipino dumadating sa Toronto, marami sa kanila nangangailangan ng tulong sa pabahay, trabaho, pangangalaga sa araw, suporta para sa mga nakatatanda, at pagsasanay sa wika. Upang matugunan ang mga pangangailangang ito, ang pangkat ng Mga Kristiyanong Manggagawa ay kalaunan naitatag ang [Silayan Community Centre noong 1971 na ginawang korporasyon noong Hulyo 1979 bilang Silayan Filipino Community Centre](#), isang lugar na maglilingkod bilang sentro ng mga komunidad ng Pilipino sa ilang mga dekada.

Sa panahon ng 1980, ang mga paunahing pagbabago sa Pilipinas, lalo na ang deklarasyon ng batas na militar [martial law] sa pamamagitan ng militar, ay lumikha ng napakalaking emigrasyon mula sa rehiyon. Ang Pilipino Diaspora, kabilang ang komunidad sa Toronto, ay mahigpit nakatali sa mga kaganapang ito. Hindi karaniwan ang makahanap ng mga protesta laban sa mga kaganapan sa Pilipinas sa mga kalye ng Toronto.

Kasama sa kaguluhan sa kanilang tinubuang-bayan, ang mga Pilipino sa Toronto ay humarap sa mga sagabal sa kanilang bagong lipunan. Marami ay dumating sa Toronto na mahusay ang pinag-aralan at may dalubhasang pagsasanay, subalit ang kanilang pinag-aralan at pagsasanay na natamo mula sa Pilipinas ay hindi tinatanggap dito sa Canada. Hindi makatrabaho sa kanilang dalubhasang larangan, sila ay sapilitan tumatanggap ng iba, na madalas ay trabahong walang pagkadalubhasa, o tumanggap ng gastusin at pagkawala ng kita para sa pagbalik sa pag-aaral.



Flores De Mayo, Simbahan ng Holy Cross sa Cosburn Street, Toronto, 1985. Koleksiyon ng MHSO/FIL-0001

Mula sa panahon ng 1980, naging karaniwan sa ilang kabayanan ang makakita ng mga kababaihang Pilipino na nag-aalaga ng mga anak ng iba. Ang mga tagapag-alagang mga ito ay madalas inuupahan sa isang partikular na kontrata, na may mapagpipiliang manatili sa Canada sa paglipas ng kanilang kontrata. Sa kabila ng kanilang mahalagang ginagampanan sa pagtulong sa ilang mga pamilya at kanilang mga anak, maraming [mga tagapag-alagang Pilipino](#) ay nakaharap sa hindi mabuting mga kondisyon ng pagtatrabaho at mababang mga sahod. Ang kasaysayan na kung paanong isinulong ng mga tagapag-alang Pilipino ang mga pagbabagong pambatasan upang gawing ligtas at may seguridad ang kanilang mga karanasan at matiwasay ay naging pangunahing halimbawa sa kung paano ang mga bagong Torontonian ay nakatulong sa ating lungsod na maging isang makatarungan lugar para sa lahat.

Ngayon, ang komunidad ng Pilipino ay nalalapit na ang ika-limangpung taon ng presensya sa Toronto. Mula ng alon ng mga manggagawang taga-alagang pangkalusugan mula sa panahon ng 1960, para sa mga tao na ginawang sariling tahanan ang Toronto magmula pa noon, ang kasaysayan ng mga Torontonian na kaangkanang Pilipino ay isa sa mga pagsisigasi at determinasyon, at ang kahalagahan ng mga pamilya at pagbubuklod ng mga kultura. Sa mga iba, ang kanilang kasaysayan ay magkakasama-sama sa pagtatag ng sariling pagkakilanlan ng Toronto bilang isang sentro pang-internasyonal ng magkakaibang kultura ng pangalawang kalahati ng ika-20 na siglo.

Bagong Abot-tanaw: The Silayan Community Centre

Isinulat ni Ysabel Espina

Nang mga tao mula sa Pilipinas ay nagsimulang dumating sa Toronto noong panahon ng 1960, ilan sa kanila ay nahalina sa lugar ng St. James Town. Pinili nilang manirahan sa partikular na kabayanang ito dahil ang mga Pilipinong sangkot sa larangan ng medikal ay madaling nakakahanap ng trabaho sa malalapit ng mga ospital, kabilang ang Wellesley Hospital. Ang pook ay lugar rin ng maraming matataas na mga gusaling apartment, mga bagong itinayo ng panahon na iyon, na nag-aalok ng abot-kayang mga yunit. Karagdagan dito, medaling makakuha ng masasakyan, kabilang ang mga bus sa Sherbourne at ang malapit na Estasyon ng Sherbourne Subway, ay pinagdugtungan ang orihinal na paninirahan ng mga Pilipino sa St. James Town sa ibang bahagi ng Toronto.

Sa loob ng maikling panahon, ang St. James Town ay naging isang mahalagang lugar para sa lumalago na komunidad ng Pilipino para sa pagtugon at pakikipagtulungan sa isa't isa. Ang mga palitan ay gumaganap sa groserya o habang nagkikita-kita ang isa't isa sa kalye, at sa huli ang pagkakaibigan ay nabubuo. Hanggang sa punto nanagbabahaginan ng mga apartment, lalo na at maraming sa mga indibidwal na ito ay mga Pilipino na nag-iisa na nagtrabaho bilang mga nars at nahihirapan sa pagbubukod, kalungkutan at pangungulila sa bayan. Ang pakikipag-bahaginan ng isang apartment sa ibang indibidwal ay nakakatulong rin sa kanila upang makapag-ipon ng pera at madagdagan ang halaga ng pagpapadala ng pera sa kanilang mga pamilyang nakatira pa rin sa Pilipinas. Ang St. James Town ay nagbigay ng lugar para sa pakikisalamuha na kinailangan ng unang pangkat ng mga Pilipino sa Toronto, isang lugar na nakakatulong sa pagpaginhawa sa ilang mga paghamon na hinaharap ng mga bagong salta sa isang bagong lungsod.

Ang isa pang mahalagang dahilan na nagdala sa mga Pilipino sa partikular na lugar na ito ay ang kalapitan ng Simbahang Romano Katoliko ng Our Lady of Lourdes sa Sherbourne Street. Karamihan sa kanila ay mga Katoliko na regular na dumadalo ng misa sa Pilipinas. Ang Our Lady of Lourdes ay naging kanilang bagong komunidad ng pananampalataya, at isang lugar kung saan maaari mapanatili nila ang kanilang nakaraan gawain sa pagtalima sa relihiyon. Ang Our Lady of Lourdes ay naglilingkod bilang tahanan ng isang samahan na itinatag noong 1969 ni Sister Mel Madamba, OMI na tinawag na Filipino Christian Workers (FCW). Ang pangkat na ito ay binubuo ng mga boluntaryo na naglaan ng kanilang mga oras upang lumikha ng isang matibay na pagkakaisa sa lumalagong komunidad ng Pilipino sa lugar. Nais rin nilang matulungan ang iba na gawin madali ang paglipat sa Toronto at ang pagsasaayos sa uri ng pamumuhay ng Canadian.



Silayan Community Centre

Ang Mga Manggagawa ng Kristiyanong Pilipino [Filipino Christian Workers] ay nakaharap sa isang mabilis na lumalagong komunidad na nangangailankaagad ng mga serbisyo sa paninirahan. Ang pagsisikap upang matugunan ang pangangailang ito, ang FCW ay napalitan ng isang organisasyon na hindi para pagkakitaan, hindi-pangkatin at hindi organisasyong pampulitika noong 1971 na tinawag na Silayan Community Centre, na may isang tiyak na mandato na tulungan ang mga bagong dating sa lungsod. Sa umpisa, ang Sentro ay nasa isang lugar na libre angupa sa Simbahan ng Our Lady of Lourdes, isang maginhawang lugar na malapit sa komunidad ng St. James Town.

Ang Silayan ay isang salitang Tagalog na nangangahulugang “isang bagong simulain” o “isang bagong araw”, at ang pangalang ito ay naangkop para sa libu-libong mga imigranteng Pilipino sa Canada na dumating upang maghanap ng mas mahusay na kinabukasan para sa kanilang mga pamilya. Ang Silayan Community Centre ay gumana upang mag-alok ng tulong at tulong sa mga bagong dating na kulang sa pakikipag-ugnayang panlipunan, at hindi pamilyar sa mga institusyon ng pamahalaan at mga serbisyong panlipunan.

Dahil hindi lahat ng mga Pilipino ay Katoliko, at dahil ang komunidad ay nakabahagi ng isang panahon ng salawahang politika sa Pilipinas, binigyang halaga na ang bagong organisasyong ito ay mananatiling walang kinikilingan na relihiyon o pulitika. Ang Silayan Community Centre ay lumipat sa mas malaking lugar sa Gerrard Street at noong Hulyo 1979 ay ginawang korporasyon bilang Silayan Filipino Community Centre upang maglingkod at magsilbi sa lumalaking kliyente at hindi humahadlang sa mga Pilipino na hindi Katoliko sa paghingi ng tulong mula sa Sentro.

Ang Silayan Filipino Community Centre ay naging pangunahing institusyon sa panahon ng dekada sa paghuhugis ng komunidad ng Pilipino sa Toronto. Ito ay nakatulong sa mga bagong dating na makahanap ng trabaho, maghanda sa kanilang ulat sa buwis ng sahod, at sa pag-unawa ng mga isyung legal. Pinangasiwaan at pinamahalaan rin nito ang pagpapalabas at pagpapanibago ng mga pasaporte sa harap ng Konsulado ng Pilipinas sa lungsod. Sa pagkilala na may pagtaas ng bilang ng mga bata at kabataan na darating sa Toronto sa pamamagitan ng pagpapadrino ng kanilang magulang, ang sentro ay nag-alok rin ng serbisyo sa panghihimasok ng krisis. Ang isang panlipunang tagapaglingkod (social worker) ay inupahan upang magsagawa ng mga sesyon ng pagpapayo para sa mga magulang at mga bata, upang makatulong sa pagsasaayos habang sila ay

nagiging isang kumpletong yunit na pamilya muli pagkatapos ng mga taon na sila ay maghiwalay sa isa't isa. Ang Sentro ay nagbibigay rin ng isang lugar para sa pag-alaalaga sa araw, mga gawain para sa mga kabataan, at mga serbisyo ng pagdadalo para sa mga nakatatanda.

Higit pa sa mga kontribusyon na ito, noong panahon ng 1990, ang Silayan Filipino Community Centre ay tagapanguna at pinadalian ang konstruksyon ng tatlong mga kooperatibang yunit na pabahay sa Pook ng Greater Toronto: ang Living Water Building sa Mississauga, ang Bayanihan Cooperative Homes sa Brampton, at ang Tahanan Cooperative Homes sa Toronto. Ang “Bayanihan” ay isang Tagalog na tradisyon kung saan ang mga tao ay tunay na tumutulong sa kanilang kapwa na mailipat ang kanilang kahoy na kubo sa isang bagong lugar sa pamamagitan ng pagbubuhay ng bahay sa kanilang balikat. Ito rin ay maaaring isang salita na nangangahulugan ng pagtulong at pagkilos tulad ng isang bayani, at ito ay napaka-makabuluhan dahil ang mga gusaling ito ay nagbibigay ginhawa para sa mga Pilipino upang magkaroon ng pabahay para sa kanilang sarili at kanilang mga anak. “Tahanan”, ang pangalan ng Toronto Co-op, ay isang salitang Tagalog na nangangahulugan ng bahay. Ang lahat ng tatlong binubuong pabahay ay nagbibigay ng pabahay para sa mga nasa lungsod na nakararanas ng kahirapan at hindi makakuha ng tamang tuluyan.

Pare-pareho ang kahalagahan, ang Silayan Filipino Community Centre, kasama ng iba pang mga sentro ng komunidad ng Pilipino at mga organisasyon, ay may kritikal na papel sa samahan ng mga kaganapang kultura at kasiyahan. Sa paggawa nito, ito ay nag-aalok ng maraming pagkakataon isadiwa ang kanilang pamana, hindi lamang bilang isang pagpapahayag ng kanilang mga pinanggalingan, kundi pati na rin sa isang pamamaraan upang turuan ang ikalawang angkan ng mga Pilipino na ipinanganak sa Toronto.

Karagdagang Pamilya: Mga Pilipinong Tagapag-alaga sa Toronto

Isinulat ni Ysabel Espina

Sa tumatandang populasyon ng Canada at mataas na porsyento ng mga kabahayan na may parehong mga adulto ang nagtatrabaho, hindi nakakagulat na ang pangangailangan ng tagapag-alaga para sa mga bata at matatanda ay lubhang tumaas. Ang pangangailangan na maghanap ng mga tao upang tumulong sa pag-alaga ng mga matatanda at bata ay nadagdagan higit sa lokal na grupo ng manggagawa at sa mga banyagang bansa. Bawa't taon, ang Canada ay nagdadala ng maraming indibidwal (karamihan ay babae) upang punan ang pangangailangan na ito sa pamamagitan ng Programang Naninirahan na Tagapag-alaga (Live-in Caregiver). Ito ay isang inisyatiba na dinisenyo upang tumugma ang tiyak na pangangailangan ng mga pamilya para sa mga tagapagbigay-alaga na may mga kasanayan sa iba pang mga bansa na maaaring naghahanap ng paaninirahan at trabaho sa Canada. Ang programang ito ay nagdala ng maraming mga kababaihang Pilipino sa Toronto upang tulungan ang mga lokal na pamilya. Karamihan sa mga kababaihan na ito, at ang kanilang mga pamilya, ay naging permanenteng miyembro ng lipunan ng lungsod.

Sa panahon ng 1980, maraming Pilipina ay dumating sa Canada upang magtrabaho bilang mga tagapag-alaga. Isang hindi matatag na panahong pampulitika sa Pilipinas ay nagpaakit ng emigrasyon sa panahon na iyon, at pati na rin ang katotohanan ng ekonomiya. May ilang mga kababaihan ang dumating sa Canada na mayroong mga digri sa kolehiyo o unibersidad, ngunit hindi makahanap ng trabaho sa kanilang larangan, na piniling maging isang tagapag-alaga sa ibang bansa. Ang matatag na kita sa Canada ay nag-alok ng isang mahalagang pamamaraan sa pagsuporta sa kanilang mga pamilya sa Pilipinas. Ang katotohanan, ilan sa mga pamilya, ang pagtatrabaho sa ibang bansa bilang isang tagapag-alaga ay naitaguyod isang landas na karera, sa mga ina, mga tiya at mga kapatid na babae na lahat ay nagkaroon ng karanasan magtrabaho sa ibang bansa. Mahalaga para sa karamihan, ang maging isang tagapag-alaga ay nag-aalok ng isang pag-asa sa isang mas mahusay na buhay sa isang bagong bansa, na may pagkakataon ng maging mga mamamayan ng Canada at magpalipat ang mga pamilya sa Canada.

Ilan sa mga bahagi ng Toronto, karaniwang makikita ang mga Pilipinong tagapag-alaga sa mga anak ng mga lokal na pamilya, at ito ay importante na kilalanin ang kahalagahan ng trabahong ito at ang epekto nito sa lungsod. Ang mga tagapag-alaga ay may importanteng papel para sa mga lokal na pamilya. Ang katotohanan ng dalawang kita na mga pamilya at ang pagtatakda ng mga pangangailangan sa mga magulang na nagtatrabaho, ang mga tagapag-alaga ay tumutulong sa paglaki ng mga anak at pag-aalaga sa mga matatanda, ginagampanan ang mga tungkulin na noon inilalaan lamang sa mga miyembro ng pamilya. Ang mga tagapag-alaga, kabilang ang maraming Pilipinong kababaihan, ay hindi lamang pinuno ang mga pangangailangan ng manggagawa, ngunit nakatulong sa pagbuo at pananatili ng pangunahing yunit ng lipunan ng pamilya.

Ang mga tagapag-alaga ng mga bata, isang partikular, ay may pangunahing impluwensiya sa pagpapaunlad at panlipunan sa kanilang mga inaalagan – isang impluwensiya mananatili buong buhay. Tulad ng inaasahan ng isang tao, ang mga Pilipino na tagapag-alaga ay madalas may mga nakaugat na kaalaman ng kanilang kultura na nababahagi sa kanilang pagtatrabaho, sa pamamagitan ng pagkanta ng mga katutubong awit o sa pagluluto ng mga pagkaing Pilipino. Sa maraming pagkakataon, sila ay mga nangunguna sa mga kultura, nagdadala ng iba't ibang pananaw ng kultura at mga pananaw sa mga tahanan na magkaiba ang kultura.

Ang pagpapanatili ng malapit na mga relasyon sa pamilya sa Pilipinas ay madalas isang kritikal na pagiging una sa buhay ng mga Pilipinong tagapag-alaga. Mga kahon na “Balikbayan” ay isang mahalagang bahagi sa mga relasyon na iyon. Ito ay mga koleksiyon ng mga pagkaing de lata, mga laruan, mga damit at mga sapatos para sa pamilya sa Pilipinas, at ito ay mga pahiwatig ng pangako ng tagapag-alaga para sa pagbubuti ng mga buhay ng mga iba.

Mga imigrante na tagapag-alaga, kabilang ang mga nasa Pilipinas, ay humaharap sa mga partikular na hamon na nagbibigay ng mas kumplikado sa pamamagitan ng mga kontrata ng pansamantalang trabaho. Masyadong madalas, ang linya sa pagitan ng trabaho na binabayaran at hindi binabayaran ay nagsisimulang mawalan dahil ang mga tagapag-alaga ay karaniwang nakatira sa kanilang mga pinaglilingkuran at punong-abala na pamilya. Ang pagsasamantalang kanilang gawain, kung sinadya o hindi, ay isang karaniwang isyu. Ang katugunan nito, gayunpaman, ay may kahirapan. Ang mga tagapag-alaga ay madalas natatakot lumikha ng anumang pagsasalungat na maaaring magresulta sa pagwawakas ng kanilang mga kontrata, at samakatuwid, ang katapusan ng kanilang kakayahan na mag-aplay para sa permanenteng paninirahan.

Ang mga Pilipinong tagapag-alaga, isang partikular, ay pinamamahalaan ng pabuti ng mga kalagayan sa trabaho para sa lahat ng mga tagapagbigay-alaga sa Canada. Hinamon nila isang kondisyon ng programa na ini-sponsor ng pamahalaan na kinakailangan ng mga tagapag-alaga ang ipasa ang ikalawang pag-eksamen na medikal upang maging permanenteng residente ng Canada. Isinulong rin nila ang paglilinaw tungkol sa mga oras ng pagtatrabaho at bayad, paggamit ng pag-alaga ng kalusugan at mas may katiwasayan ukol sa katayuan ng kanilang imigrasyon. Isang pangunahing halimbawa ng mga pagsisikap na ito ay ang gawain ng Coalition of Visible Minority sa 1980. Isa sa mga miyembro na nagtaguyod nito ay isang Pilipino-Torontonian na nangangalang Carmencita Hernandez at siyang gumanap ng isang kilalang papel sa pagpapatupad ng mga programa na pinapayagan ang imigranteng kababaihan na magsagawa ng kanilang propesyon sa bansa. Kasama ng iba pang mga Pilipina, sila ay lumaban ng husto para mapabuti ang mga pamumuhay ng mga tagapag-alaga at itaguyod ang kanilang karapatan na manatili sa Canada pagkatapos ng kanilang mga kontrata. Ang kanilang salawikain ay “Mahusay at sapat mag-alaga ng iyong sanggol, mahusay at sapat para manatili sa Canada”.

Ang mga kababaihan ng Pilipinas na pinili ang daan bilang tagapag-alaga ay nagpakita ng katapangan sa kanilang paglalakbay. Sila ay makabuluhang nag-ambag sa pagpatuloy ng paglago ng komunidad ng Pilipino sa Toronto, kabilang ang pagpadrino ng ibang mga miyembro ng pamilya. Pareho ang kahalagahan, sila ay nag-ambag sa kalusugan, katatagan, at pag-unlad ng maraming mga pamilya sa Toronto. Ang kanilang paghihirap sa trabaho, ang pagsisikap, ang pangako sa pamilya at pokus sa hinaharap ay nagbigay hugis sa lungsod na pinaninirahan natin ngayon.